タガログ語版

# PANGANGALAP PARA SA PAGPAPATALA SA ABRIL 2025 NG MIE PREFECTURE MIE YOTSUBAGASAKI JUNIOR HIGH SCHOOL

**令和7年度(2025 年度)4 月入学**
**三重県立みえ四葉ヶ咲中学校　生徒募集案内**



Mula sa Lupon ng Edukasyon ng Mie Prefecture
三重県教育委員会

## Panimula/はじめに

Ang Mie Yotsubagasaki Junior High School ay isang pampublikong paaralan na panggabi. Ito ay para sa mag-aaral na hindi lubusang napag-aralan ang mga nilalaman ng antas ng paaralang panggitna sa iba't-ibang mga kadahilanan. Ito rin ay itinataguyod ng Ministry of Education, Culture, Sports, Science and Technology (MEXT).

Bukod dito,ito din ay isang magkakaibang antas ng pag-aaral o tinatawag na "diverse learning school",ito ay isang espesyal ng kurikulum sa mga kasalukuyang mag-aaral na hindi pumapasok sa paaralan.※ (kasalukuyan itong nasa proseso ng aplikasyon).

## Pananaw ng Paaralan/学校のめざす姿

Ang Mie Yotsubagasaki Junior High School ay naglalayon na maging isang "paaralan na kung saan umuusbong, lumalago, at lumalawak ang mga pangarap o nais gawin ng bawat mag-aaral."

## Pangkalahatang Ideya ng Paaralan/学校の概要

・May espesyal na kurikulum para sa "Panggabing Junior High school," at "Diverse Learning " na itinatag ng Ministry of Education, Culture, Sports, Science and Technology (MEXT).
※kasalukuyan itong nasa proseso ng aplikasyon.
・Mayroong limang araw na klase sa isang linggo, at pag-aralan ang lahat ng subject na itinuturo sa junior high school.
・Ang mga tagapagturo ay pawang mga lisensyado.
・May mga klase sa pang-araw at panggabi, at maaaring piliin ng mga mag-aaral ang oras para mag-aral ayon sa kanilang mga indibidwal na kalagayan.
・Ang training building ng Prefectural Mie Yume Gakuen High School ay aayusin at gagawing gusali ng paaralan.
・Ang kapasidad ay humigit-kumulang 50 na mag-aaral sa kabuuan.

## Para sa mga maaaring mag-enroll/ 入学できる人

**【Kurso sa Panggabing Junior High School】**

Para sa mga taong naninirahan o nagtatrabaho sa Mie Prefecture na lumagpas na sa tamang edad ng pag-aaral,o iyong mula 15 taong gulang hanggang sa ika-31 ng Marso ng taon, ay may mga nararapat sa alinman sa mga sumusunod na kondisyon.

〇Mga taong hindi nakapagtapos ng elementarya o junior high school.
〇Mga taong nais muling pag-aralan ang nilalaman ng leksyon sa junior high school.
〇Mga dayuhan o banyagang mamamayan na hindi nakatapos ng compulsory education sa kanilang bansa o sa Japan.
〇Iba pang mga tao na ang na-aprubahan ng punong-guro ng paaralan sa pagpasok (Chief of Elementary and Junior High School Education Division).

**【Diverse Learning Course】**

Sa kasalukuyan, para sa mga mag-aaral na nasa grade 6 ng elementarya (kasama ang unang bahagi ng compulsory education school) o mga 1st at 2nd year ng junior high school (kasama ang huling bahagi ng compulsory education school) na may mga pag-uugaling hindi pagpasok sa paaralan o may tendensya na hindi na pumasok.

## Kurikulum/カリキュラム

○ Kabuuang Oras ng Mga Klase sa Isang Taon

Kurso sa Panggabing Junior High School: 700 oras
Kurso sa Diverse Learning: 770 oras

※Ang kabuuang oras ng klase sa karaniwang junior high school ay 1015 oras.

○ Tagal ng Pag-aaral:
3 taon (ang mga mag-aaral sa kurso sa panggabing Junior High School ay maaaring manatili ng hanggang 9 taon).

## Iskedyul ng klase/時間割

| | | | |
|---|---|---|---|
| | 15:20～16:00 | 0 period （40 minuto） | |
| Pang-araw | 16:05～16:45 | 1st period（40 minuto ） | |
| Pang-araw | 16:50～17:30 | 2nd period（40 minuto ） | |
| Pang-araw | 17:30～17:40 | Homeroom （10 minuto ） | Panggabi |
| Pang-araw | 17:40～18:00 | Dinner・Breaktime | Panggabi |
| Pang-araw | 18:00～18:40 | 3rd period（40 minuto ） | Panggabi |
| Pang-araw | 18:45～19:25 | 4th period（40 minuto ） | Panggabi |
| | 19:30～20:10 | 5th period（40 minuto ） | Panggabi |
| | 20:15～20:55 | 6th period（40 minuto ） | Panggabi |

・Mayroong klase mula Lunes hanggang Biyernes, limang araw sa isang linggo.
・Ang pang-araw na klase ay magsisimula ng 4:05 ng hapon hanggang 7:25 ng gabi at ang panggabi na klase naman ay magsisimula ng 5:30 ng hapon hanggang 8:55 ng gabi.
・Ang bawat oras ng klase ay 40 minuto at mayroong 4 na oras ng klase sa isang araw.
・Ang kurso na "diverse learning school "ay may klase ng dalawang araw, sa pang- 0 period (para sa pang-araw) at sa pang-2nd period naman (para sa panggabi).
・Mayroong bakasyon sa panahon ng tag-init, taglamig, at tagsibol.

## Mga Katangian ng Paaralan/学校の特色

・Mayroong mga aktibidad at pag-aaral na magkakasama-sama ang mga taong may iba't ibang edad at iba't iba ang antas ng taon sa bawat kurso, bukod dito magtatakda rin ng mga pagkakataon para sa mga mag-aaral mula sa dalawang kurso na makipag-ugnayan at magtulungan sa iba't ibang asignatura o subject.
・Maaaring dumalo sa mga klase na nagbibigay-daan sa mag-aaral na makapag-aral ayon sa kanilang sariling bilis at mga layunin.
・Magdadagdag ang paaralan ng mga bagong asignatura na nakatuon sa interdisciplinary o pakikipag-ugnayan sa iba pangdisiplina at integrative o pinagsama-samang na pag-aaral, pati na rin sa mga klase para sa social skills training o pakikipaghalubilo sa lipunan na naglalayong paunlarin ang kakayahan sa komunikasyon.
・Bukod sa iba't ibang karanasan at aktibidad, maaari ring makatanggap ng edukasyon sa kalusugan at resiliency o katatagan ng pangangatawan.
・Nagsasagawa rin ng mga pag-aaral sa labas ng paaralan o field trip at school trip.
・Sa pagtuturo sa mga dayuhang mag-aaral,ang paaralan ay magbibigay ng mga klase sa madaling maunawaan na wikang hapon at tuturuan ng mga basic na Japanese.
・Ang mga taong may alalahanin sa wikang hapon o sa mga nilalaman ng pag-aaral sa elementarya ay maaaring pumili ng kurikulum na kasama ang mga nilalaman ng wikang hapon at mga aralin mula sa elementarya.
・Mayroong mga school counselor at school social worker, upang maaaring kumunsulta ang mga mag-aaral kung nais nila.
・Gagawa ang paaralan ng mga pagkakataon para sa mga mag-aaral na kumonekta sa mga lokal na tao, lumilikha ng kapaligiran na kung saan ang mga mag-aaral ay lubusang pinapahalagahan, at tinutulungan ang mga mag-aaral na malaman ang kanilang mga kalakasan,potensyal at paglago.

## Mga Gastusin sa Paaralan/費用

・Walang bayad ang tuition. Ang mga aklat-aralin ay ibibigay nang libre.
・Humigit-kumulang 10,000 yen ang kinakailangan para sa mga materyales sa pagtuturo at mga gastos sa labas ng paaralan sa loob ng isang taon."
・Kakailanganing mag-ipon ng 30,000 yen sa loob ng tatlong taon para sa gastusin sa field trip.
・Kung magko-commute gamit ang tren o bus, kakailanganin ng budget para sa pag-kocommute. (maaaring bumili ng school commuter pass).
・Kung nais umorder ng pagkain, kakailanganin ng humigit-kumulang 5,000 yen sa para isang buwan na pagkain.

※Depende sa kalagayan ng iyong pamilya, maaaring magkaroon ng mga programa (tulad ng tulong sa pag-aaral) na nag-aalok ng pagpapawalang-bisa sa mga gastusing ito o pagbabalik ng pera na ibinayad.

## Para sa iba pang impormasyon/その他

・Maaaring bumili ng pagkain sa cafeteria ng Mie Prefectural Mie Yume Gakuen Kōtō Gakkō (may bayad).
・Maaaring isuot ang damit na nais isuot. Walang uniporme.
・Maaaring pumasok sa paaralan na ito kahit na kasalukuyang nag-aaral sa high school, vocational school, o nagtatrabaho.

## Paraan ng Pagpasok sa Paaralan/通学方法

・Mangyaring maglakad, magbisikleta, o sumakay ng pampublikong transportasyon sa pagpasok sa paaralan.Gayunpaman, maaari ring payagan ang pagpasok sa paaralan gamit ang pribadong sasakyan, motorsiklo, o scooter depende sa sitwasyon.
・Kailangang tiyakin ng mga magulang na masusundo nila ang estudayante na mag-aaral sa panggabing kurso dahil makakauwi na sila ng gabi o late na.

〔Pampublikong Transportasyon〕


＊Bumaba sa JR o Kintetsu「Tsu」Station, sumakay ng Sanco Bus ng 15 minuto at bumaba sa「Yanagiyama Gakkō Mae」at maglalakad ng 1 minuto.

＊Bumaba sa JR「Akogi」Station at maglalakad ng mga 10 minuto.

＊Bumaba sa Sanco Bus stop na「Kamibezai」,「Nishiakogi」o「Shimobezai」at maglalakad ng mga 5 hanggang 10 minuto.

## Lokasyon（location map)/所在地(地図)

1239 Yanagiyamatsuoki Tsu City 津市柳山津興1239　Sa Prefectural Mie Yume Gakuen Kōtō Gakkō 県立みえ夢学園高等学校敷地内



## Pamamaraan ng Pagpasok at Paglipat ng Paaralan/ 入学･転入学の流れ

# Panggabing Kurso sa Junior High School

（1） Paglahok sa sesyon para sa impormasyon o school information session

① Petsa ng kaganapan

October 20,2024 (Sun.) 2 p.m.～3 p.m.【Iga City】Iga City Lifelong Learning Center

October 26,2024 (Sat.) 7 p.m.～8 p.m.【Ise City】Ise City Lifelong Learning Center Isetopia

October 27,2024 (Sun.) 2 p.m.～3 p.m.【Tsu City】Mie Prefectural Office Auditorium Building

November 2,2024 (Sat.) 2 p.m.～3 p.m.【Yokkaichi City】Yokkaichi City General Hall

November 2,2024 (Sat.) 7 p.m.～8 p.m.【Yokkaichi City】Yokkaichi City General Hall

November 8,2024 (Fri.) 7 p.m.～8 p.m.【Tsu City】Mie Prefectural Office Lecture

② Pamamaraan ng pag- apply

・Sa pamamagitan ng telepono o email, ibigay ang iyong「 pangalan, lugar ng pagdalo, bilang ng mga dadalo, impormasyon sa pakikipag-ugnayan, at kung kailangan ng personal na konsultasyon. 」

Tel：059-224-2766　　e-mail：gakokyo@pref.mie.lg.jp

・ Ilagay ang kinakailangang impormasyon sa application form

https://logoform.jp/form/8vMX/706014

③ At iba pa:

Kung hindi makakalahok sa school information session hanggang sa petsa na itinakda,November 8,2024 (Fri),mangyaring kumonsulta sa panggabi o Night Junior High School Preparatory Team sa Prefectural Board of Education, Office para sa Elementary at Junior high school education.

（2） Pagkakaroon ng indibidwal na pakikipanayam (interview)

Magkakaroon ng indibidwal na panayam upang maunawaan ng Prefectural Board of Education ang sitwasyon ng bawat aplikante o mag-aaral na nais mag-apply at upang magbigyan sila ng nararapat na suporta.

① Panahon ng Pagpapatupad

Magsisimula sa November 2024 hanggang sa February 2025

② Pamamaraan sa panayam

・Ang panayam ay tatagal ng humigit-kumulang 30 minuto.

・Kinakailangang lumahok ng mismong aplikante o estudyante.

Para sa mga menor de edad, kinakailangang kasama ang mga magulang.

※Kung nais ring lumahok ng iba pang miyembro ng pamilya,mangyaring ipaalam kapag kumuha ng reserbasyon.

③Pangunahing katanungan

・Dahilan kung bakit nais mag-enroll　・Sitwasyon sa pag-aaral

・Kondisyon ng kalusugan　・Pamamaraan ng pagpasok at iba pa.

④ Pamamaraan ng pagkuha ng reserbasyon

・Ang impormasyon para sa indibidwal na panayam o interview ay ipapamahagi sa mga lalahok sa school information session.Mangyaring sundin ang mga tagubilin para sa pagpapareserba na nakasulat sa impormasyon.

・Tatawag ang Prefectural Board of Education Secretariat, Elementary and Junior High School Education Division, Night Junior High School Establishment Preparation Team sa aplikante kapag naiayos na ang petsa at ang oras.

（3） Pakikilahok sa klase (class experience)

Magkakaroon ng paglahok ng karanasan sa klase upang maunawaan ng mga nagnanais na pumasok ang mga nilalaman ng pag-aaral at pamamaraan ng Mie Yotsubagasaki Junior High School. Sa ganitong pamamaraan, makikita at mararamdaman kung kaya nilang ipagpatuloy ang naturang pag-aaral at makapasok nang may kapanatagan.

① Panahon ng Pagpapatupad

December 2024 hanggang February 2025.

② Pagpasya ng petsa at oras

Ang petsa,oras at lokasyon para sa paglahok sa karanasan sa klase ay ipapaalam sa oras ng interview o indibidwal na panayam.

③ Pamamaraan ng paglahok

・Ang karanasan sa klase ay tatagal ng humigit-kumulang 2 oras.Mangyaring lumahok ng hindi bababa sa dalawang beses mula sa panahon na itinakda.

・Magkakaroon ng panayam kapag natapos na ang paglahok sa karanasan sa klase.

（4） Pagsusumite ng "Application form for Admission" sa Mie Prefecture Board of Education

① Panahon ng pagsusumite

Pagkatapos ng karanasan sa klase hanggang sa March 14,2025 (Fri.)

※Ang "Application form para sa Pagpasok" ay ipamimigay sa information session.

② Paraan ng pagsusumite at kung saan isusumite

・Maaaring ipadala sa post office o dalahin ng direkta

〒514-8570 Tsu-shi Komeicho 13 Banchi

Ipapadala sa: Mie Prefectural Board of Education Secretariat, Elementary and Junior High School Education Division, Night Junior High School Establishment Preparation Team

※Kung ipapadala sa post office, pumunta sa counter,bumili ng stamp at ihulog.

※Ang bayad para sa stamp ay sariling gastos.

※Kung nais na isumite ng personal,maaaring dalhin simula Lunes hanggang Biyernes simula alas 9 ng umaga hanggang alas 5 ng hapon.Sarado kapag holidays.

（5）Pagpapasya sa pagpasok o admission

・Pagkatapos matanggap ng Komite ng Edukasyon ng lalawigan ang 'application para sa pag-enroll,' ang mga resulta tungkol sa pagtanggap ay ipapadala sa loob ng humigit-kumulang isang linggo, at hindi lalampas ng dalawang linggo.

・Ang orientation para sa pag-enroll ay naka-iskedyul sa katapusan ng Marso.

## Kurso sa Diverse Learning/学びの多様化学校コース

(1) Paglahok sa sesyon para sa impormasyon o school information session

① Petsa ng kaganapan

October 20,2024 (Sun.) 2 p.m.～3 p.m.【Iga City】Iga City Lifelong Learning Center
October 26,2024 (Sat.) 7 p.m.～8 p.m.【Ise City】Ise City Lifelong Learning Center Isetopia
October 27,2024 (Sun.) 2 p.m.～3 p.m.【Tsu City】Mie Prefectural Office Auditorium Building
November 2,2024 (Sat.) 2 p.m.～3 p.m.【Yokkaichi City】Yokkaichi City General Hall
November 2,2024 (Sat.) 7 p.m.～8 p.m.【Yokkaichi City】Yokkaichi City General Hall
November 8,2024 (Fri.) 7 p.m.～8 p.m.【Tsu City】Mie Prefectural Office Lecture

② Pamamaraan ng pag- apply

・Sa pamamagitan ng telepono o email, ibigay ang iyong「 pangalan, lugar ng pagdalo, bilang ng mga dadalo, impormasyon sa pakikipag-ugnayan, at kung kailangan ng personal na konsultasyon. 」

Tel：059-224-2766　　e-mail：gakokyo@pref.mie.lg.jp

・ Ilagay ang kinakailangang impormasyon sa application form
https://logoform.jp/form/8vMX/706014

③ At iba pa

Kung hindi makakadalo o makakalahok sa school information session hanggang sa petsa na itinakda,November 8,2024 (Fri) , mangyaring kumunsulta sa panggabi o Night Junior High School Preparatory Team sa Prefectural Board of Education, sa office para sa Elementary at Junior high school education.

(2) Kailangang magsumite ng "Application form para sa Pagpasok o Pagtransfer ng Paaralan " sa kasalukuyang paaralan kung saan naka-enroll o kaya naman sa Board of education ng munisipyo kung saan nakatira.

① Panahon ng pagsusumite

Simula October 21,2024 (Mon) hanggang November 29,2024 (Fri.)

※Ang "Notification of Request for Admission/Transfer Enrollment" ay ipapamahagi sa mga aplikanteng dadalo sa school information session.

② At iba pa

Para sa mga nais magsusumite pagkatapos ng itinakdang panahon o petsa para sa pagsusumite,mangyaring tumawag sa Prefectural Board of Education Secretariat, Elementary and Junior High School Education Division, Night Junior High School Establishment Preparation Team upang kumunsulta.

(3) Pagkakaroon ng indibidwal na pakikipanayam (interview)

Magkakaroon ng indibidwal na panayam upang maunawaan ng Prefectural Board of Education ang sitwasyon ng bawat aplikante o mag-aaral na nais mag-apply at upang magbigyan sila ng nararapat na suporta.

① Panahon ng Pagpapatupad

Magsisimula sa November 2024 hanggang sa February 2025

② Pamamaraan sa panayam

Ang panayam ay tatagal ng humigit-kumulang 30 minuto.Kinakailangang lumahok ng mismong aplikante kasama ang mga magulang.

③ Pangunahing katanungan

・Dahilan kung bakit nais mag-enroll　・Sitwasyon sa pag-aaral

・Kondisyon ng kalusugan　・Pamamaraan ng pagpasokat iba pa.

④ Pamamaraan ng pagkuha ng reserbasyon

・Ang impormasyon para sa indibidwal na panayam o interview ay ipapadala sa mga aplikante na magpapadala ng "Application form para sa Pagpasok o Pagtransfer ng Paaralan". Mangyaring sundin ang mga tagubilin para sa pagpapareserba na nakasulat sa impormasyon.

・Tatawag ang Prefectural Board of Education Secretariat, Elementary and Junior High School Education Division, Night Junior High School Establishment Preparation Team sa aplikante kapag naiayos na ang petsa at ang oras.

(4) Pakikilahok sa klase (class experience)

Magsasagawa ng karanasan sa klase upang maunawaan ng mga nagnanais pumasok ang nilalaman ng pag-aaral at pamamaraan sa Mie Yotsubagasaki Junior High School. Sa ganitong paraan, makikita at mararamdaman nila kung kaya nilang ipagpatuloy ang kanilang pag-aaral at makapasok nang may kapanatagan.

① Panahon ng Pagpapatupad

December 2024 hanggang February 2025

② Pagpasya ng petsa at oras

Ang petsa,oras at lokasyon para sa paglahok sa karanasan sa klase ay ipapaalam sa oras ng interview o indibidwal na panayam.

③ Pamamaraan ng paglahok

・Ang karanasan sa klase ay tatagal ng humigit-kumulang 2 oras.Mangyaring lumahok ng hindi bababa sa dalawang beses mula sa panahon na itinakda.

・Kailangang lumahok ng aplikante kasama ang magulang.

・Magkakaroon ng interview kapag natapos na ang paglahok sa karanasan sa klase.

(5) Pagsusumite ng "Application form para sa Pagpasok o Pagtransfer ng Paaralan"

① Panahon ng pagsusumite

Pagkatapos ng karanasan sa klase hanggang sa March 14,2025 (Fri.)

※「Ang "Application form para sa Admission at Transfer" ay ipamamahagi sa information session.

② Paraan ng pagsusumite at kung saan isusumite

・Maaaring ipadala sa post office o dalhin ng direkta

〒514-8570　Tsu-shi Komeicho 13 Banchi

Ipapadala sa: Mie Prefectural Board of Education Secretariat, Elementary and Junior High School Education Division, Night Junior High School Establishment Preparation

※ Kung ipapadala sa post office, pumunta sa counter,bumili ng stamp at ihulog.

※ Ang bayad para sa stamp ay sariling gastos.

※ Kung nais na isumite ng personal,maaaring dalhin simula Lunes hanggang Biyernes simula alas 9 ng umaga hanggang alas 5 ng hapon.Sarado kapag holidays.

（6）Pagpapasya sa Pagpasok o Pagtransfer ng Paaralan

・Kapag natanggap na ng Prefectural Board of Education ang "Application form para sa Pagpasok o Pagtransfer ng Paaralan,"ang resulta kung maaprubahan ang pagpasok o hindi ay ipapadala sa loob ng humigit-kumulang isang linggo o hindi hihigit sa dalawang linggo.

・Ang orientation para sa pag-enroll ay naka-iskedyul sa katapusan ng Marso.

# Mga Kadalasang Katanungan/よくある質問

**【Karaniwan】**

Q　Posible bang lumipat sa kalagitnaan ng taon ng akademiko o nang school year?

A　Nakatakdang payagan ang paglipat ng mga mag-aaral kahit na nasa panahon ng akademikong taon o kasalukuyang naka-enroll sa ibang paaralan.

Q　Paano ang pagrerecord ng grade?

A　Batay sa binuong kurikulum, isasagawa ang pagsusuri at pagbibigay ng grade mula sa 9 na asignatura o subject. (Japanese, Social Studies, Math, Science, Music, Art, Health&P.E, Technology & Home Economics at English).

Q　Ano ang mangyayari sa career path pagkatapos grumaduate o makapagtapos?

A　Magbibigay ng payo at suporta sa mga mag-aaral patungo sa kanilang susunod na hakbang, tulad ng pagpasok sa mga pampubliko at pribadong High School (full-time, part-time, o distance learning), mga vocational at specialized school, o sa paghahanap ng trabaho.

Q　Kailangan bang lahat ay kumuha ng pagkain na inaalok ng paaralan?

A　Para lamang ito sa mga nais umorder.

Q　Anong aktibidad ang mayroon sa Club at mga kaganapan na mayroon sa paaralan?

A　Tatanungin ang mga estudyante at pag-iisapan kung anong aktibidad sa club ang bubuuin at kung anong mga kaganapan ang isasagawa.

**【Kurso sa Panggabing Junior High School】**

Q　Mayroon akong trabaho,makakapasok lamang ako ng 2 beses sa isang linggo, maaari ba akong makapasok?

A　Maaaring makapasok sa paaralang ito kahit na hindi kayang pumasok araw-araw.Maaaring makapag-aral ng hanggang 9 taon, kaya't maaaring makapag-aral ng mabuti at dahan-dahan.Bukod dito, maaaring lumahok sa online na klase mula sa bahay kung sakaling hindi makakapasok dahil may biglaang trabaho o di kaya'y masama ang pakiramdam kaya hindi makapasok at iba pa., ngunit hindi ito mabibilang sa attendance. Gayunpaman, hindi maaaring kumuha ng online na klase lamang mula sa simula.

Q　Maaari bang pag-aralan ang nilalaman ng pinag-aaralan sa Elementary?

A　Maaaring pumili ng kurikulum na ang nilalaman ng pag-aaralan ay pag-aaral sa elementarya. Ang mga asignatura o subject ay Japanese, Math, at English.

Q　Maaari bang pumasok kapag 2nd year o 3rd year na?

A　Maaaring mag-enroll sa grado na nais piliin, depende sa katayuan sa pag-aaral.

Q　Ano ang dapat gawin kung hindi alam kung saang grado mag-e-enroll?

A　Sa panahon ng indibidwal na pakikipanayam o interview at karanasan sa klase, maaaring magrequest kung nais kumuha ng isang simpleng pagsusulit upang malaman ang kasulukuyang kakayahan at kaalaman.Ipagbigay-alam sa oras ng interview kung anong grado dapat pumasok.

Q　Maaari bang makapasok kahit hindi pa marunong magsalita ng salitang hapon?

A　Maaaring makapasok kahit hindi pa marunong magsalita ng salitang hapon o Japanese.Tuturuan gamit ang madaling salitang hapon at tuturuan rin ng mga basic na Japanese, may mga interpreter na staff at nagtatranslate ng mga papel sa paaralan.

**【Kurso sa Diverse Learning】**

Q　Ano ang mangyayari kung nais bumalik muli sa dating pinapasukang paaralan o sa lokal na paaralan?

A　Bilang pangkalahatang tuntunin, magtatransfer o lilipat ang mga mag-aaral sa Yotsubagasaki Junior High School upang ipagpatuloy ang pag-aaral hanggang sa sila ay makapagtapos o makagraduate.Kung nais lumipat ng ibang paaralan, kailangang pag-isipan at pag-usapan ng mabuti ng mga magulang at ng mag-aaral kung nararapat o makakabuti ba ito para sa mag-aaral.At sa huli susundin ang nais ng magulang at ng mag-aaral.

Q　Nahihirapan akong makisali sa mga aktibidad ng grupo. Nag-aalala ako kung makakalahok ba ako sa mga regular na klase at mga kaganapan sa paaralan.

A　Hindi magsasagawa ng mga regular na klase tulad ng sa karaniwang paaralan. May oras para sa pangkalahatan at grupong pag-aaral, ngunit ang sarili ang magpapasya kung saan nais mag-aral at kung ano ang nais pag-aralan. Sa mga kaganapan sa paaralan, tatanungin ang tungkol sa mga bagay na maaaring gawin, tulad ng paglahok sa pagpaplano o pag-suporta.

Q　Kailangan bang pumasok sa paaralan araw-araw?

A　Hindi kailangang pumasok sa paaralan araw-araw. Maaaring pag-usapan at pagpasyahan kung aling paraan ang pinakamabuti para sa sarili, tulad ng pagpunta sa paaralan araw-araw upang matuto, o pagpunta sa paaralan ng ilang araw sa isang linggo at pag-aaralan ang natitira sa online.

Q　Ano ang mangyayari sa pag-aaral para sa mga inalis o nawala na klase?

A　Bagaman nabawasan ang bilang ng mga oras ng klase kumpara sa karaniwang junior high school, ang paaralan ay gagawa ng mga hakbang upang matamo ang mga layunin ng bawat asignatura na itinatakda ng kurikulum. Magsasagawa rin ng mga interdisciplinary at integrative na pag-aaral sa pamamagitan ng paglikha ng mga bagong asignatura at pagpapalawak ng mga indibidwal na pag-aaral na naaayon sa bawat mag-aaral.

# Sample ng pagfill-up ng form na kailangang isumite/提出書類様式の記入例

記入例

Application form para sa Pagpasok ng Paaralan(Admission)

orm ng Aplikasyon sa Pagpasok

## 入学願書

Araw ng Pagfill-up 記入日： 2024 Taon 年 11 Buwan 月 11 Araw 日

Para sa Director of Elementary and Junior High School Education Division,
Mie Prefecture Board of Education Secretariat
三重県教育委員会事務局小中学校教育課長 様

Nais kong mag-enroll sa Mie Prefectural Mie Yotsubagasaki Junior High School.
Kung ako ay tatanggapin, susundin ko ang mga tuntunin at tagubilin ng paaralan.
三重県立みえ四葉ヶ咲中学校への入学を希望します。
また、入学が許可されたときは、学校のきまりや指示にしたがいます。

> Kung mayroong palayaw maliban sa tunay na pangalan, mangyaring isulat ito dito.

| Aplikante 志願者 | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Furigana ふりがな | | Furigana ※ふりがな | | |
| | Pangalan 名前 | Taro Mie | Palayaw ※通称 | | |
| | Kapanganakan 生年月日 | 1984 Taon 年 4 Buwan 月 2 Araw 日 | Edad 年齢 | Saktong 満 40 Edad 歳 | |
| | Tirahan 住所 | 〒 514 – 8570<br>Tsu-shi Komei-cho 13 | | | |
| | Telepono 電話番号 | Sa bahay 自宅 059-224-2766 | Cellphone 携帯 090-1234-×××× | | |
| | Kompanya 勤務先<br>Para sa mga taong nagtatrabaho lamang ※働いている人のみ記入 | Pangalan (名称) Yotsuba Co., Ltd.<br>Lokasyon ng kompanya (所在地) Tsu-shi ○○-cho 1-1<br>Telepono (電話番号) 059-225-△△△△ | | | |
| | Pangalan ng Paaralan 学校名<br>Sa mga naka-enroll sa Paaralan ※在学中の方のみ | Mie Kenritsu Yotsuba high school correspondence<br>Paaralan 学校 (Grade 第 2 sa kasalukuyan 学年在籍) | | | |
| | Nasyonalidad 国籍 | Philippines | Grade na nais pasukan 入学希望学年 | 1 Grade 年生 | |
| | Nais na seksyon 希望する部 | Pang-araw 昼間部 ・ Panggabi 夜間部 (circled) | | | |

※Para sa mga menor de edad na aplikante, mangyaring punan ang column na para sa "Magulang" na nasa ibaba.
未成年の志願者は、以下の「保護者」欄も記入してください。

| Magulang 保護者 | | | |
|---|---|---|---|
| | Furigana ふりがな | | |
| | Pangalan 名前 | | |
| | Tirahan 住所 | 〒 | |
| | Telepono 電話番号 | Sa bahay 自宅 | Cellphone 携帯 |
| | Relasyon sa Aplikante 志願者との続柄 | | |

> Kung ang address o numero ng telepono ng bahay ay kapareho ng sa aplikante, mangyaring isulat ang "Kapareho ng sa aplikante".

記入例

Application form para sa Pagpasok o Pagtransfer ng Paaralan

# 入学・転入学希望届

記入日：2024年 11月 11日

三重 市・町立 三葉中 学校長 様

（市 is circled）

Kung mayroong palayaw maliban sa tunay na pangalan, mangyaring isulat ito dito.

三重県立みえ四葉ヶ咲中学校への入学・転入学を希望しま

| | | | |
|---|---|---|---|
| ふりがな | み え たろう | ※ふりがな | |
| 名 前 | 三 重 太 郎 | ※通 称 | |
| 生年月日 | 平成 22 年 4 月 2 日 | 年 齢 | 満 14 歳 |
| 住 所 | 〒 514 － 8570<br>津市広明町13番地 | | |
| 電話番号 | 059－224－2766 | | |
| 国 籍 | 日本 | | |
| 保護者名 | 三 重 花 子 | 続 柄 | 母 |
| 希望理由 | Isulat dito ang dahilan kung bakit nais pumasok o magtransfer sa paaralan na ito. | | |

入学・転入学希望者名 ____________________

保護者名 ____________________

Lagdaan ang bawat-isa ng sariling sulat kamay

## Maaaring Tawagan at Makipag-ugnayan/問い合わせ先

Mie Prefectural Board of Education

Office of Elementary and Secondary Education

Night Junior High School Preparatory Team

TEL：059-224-2766（Lunes hanggang Biyernes 9:00～17:00）

E-mail Address：gakokyo@pref.mie.lg.jp